**PATAKARAN UKOL SA MGA KARAPATANG PANTAO**

(pinagtibay ng Board noong Abril 19, 2006)

**Pambungad**

Nakapangako ang Monsanto sa pagpoprotekta at pagpapalaganap ng mga karapatang pantao. Ang aming patakaran ukol sa mga karapatang pantao ay batay sa Universal Declaration of Human Rights [Pagpapahayag ng mga Karapatang Pantao sa Buong Daigdig] na nagkakaloob ng pinakamalawak na kinikilalang paglalarawan ng mga karapatang pantao at ng mga responsibilidad ng mga pamahalaang pambansa, at sa Pagpapahayag ng mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho ng International Labor Organization [Pandaigdig na Samahan ng mga Manggagawa].

Ang patakaran ukol sa mga karapatang pantao ng Monsanto ay nagmumula sa aming Pledge at sa mga batayan ng mga kahalagahan ng pinagkakaloob nito sa aming negosyo. Ang patakaran ay umiiral kaugnay sa aming Mga Katipunan ng mga Tuntunin sa Pangangasiwa ng Negosyo; sa Monsanto Fund; sa aming stewardship programs; sa aming mga patakaran at mga pamamaraan na nauukol sa kapaligiran, kaligtasan at kalusugan sa buong daigdig; at sa aming masaklaw na programa hinggil sa pagsunod sa mga patakaran. (Ang mga impormasyon tungkol sa mga programang at patakarang ito ay makukuha sa Monsanto website at on-line sa Monsanto Company Pledge Report). Sa karagdagan, isinaalang-alang ng Monsanto sa paggawa nitong patakaran ang mga sitwasyong natatangi sa pagsasaka at sa industriya ng agrikultura, kabilang ang seasonal production.

Pinangangasiwaan namin ang aming negosyo sa isang makatao o mapagtitiwalaang paraan na tinataguyod at nirerespeto ang pagprotekta ng mga karapatang pantao. Sisikapin naming kilalanin at makipagnegosyo sa mga kasosyo na nagmimithing pangasiwaan ang kanilang mga negosyo sa mga pamantayang makatao na kasang-ayon sa patakarang ito. Hihilingin namin sa aming mga kasosyo sa negosyo na ipagbigay-alam sa kanilang mga empleado ang kanilang pangakong tuparin ang mga mahalagang elemento at mga inaasahan na inilalarawan sa patakarang ito at gawin ang mga kinakailangang hakbang para tumalima sa mga ito ang kanilang pangangasiwa ng negosyo. Maaaring hilingin ng Monsanto na patunayan ng kasosyo sa negosyo na naiintindihan at tinutupad nito ang mga elemento at mga inaasahan na nakasulat sa patakarang ito. Maaaring gawin ng Monsanto ang mga hakbang na sa palagay nito ay kinakailangan, kabilang ang mga paghiling ng impormasyon o ang pag-inspeksiyon ng Monsanto o ng hinirang nitong kinatawan, na imonitor o patotohanan na pinangangasiwaan ng kasosyo sa negosyo ang mga gawain nito sa paraang kasang-ayon sa mga inaasahang ito.

Ipapaliwanag ng pangasiwaan ang mga pagsisikap ng kompanya sa pagsasakatuparan at pagmomonitor upang tumalima sa patakarang ito at ipalaganap ang aming pangako sa patuloy na pagpapabuti nito. Ipagpapatuloy namin ang aming pagpapalitang-kuro at aktibong pagsali sa pagsisikap na itaguyod ang mga karapatang pantao. Ang patakarang ito ay makukuha ng lahat ng empleado, ng mga vendor at ng madla.

**PATAKARAN UKOL SA MGA KARAPATANG PANTAO (PAGPAPATULOY)**

**Pagpapatrabaho ng (mga) bata**
Hindi papayagan ng Monsanto ang anumang klase ng mapagsamantalang pagpapatrabaho ng (mga) bata, gaya ng tinutukoy sa International Labor Organisation Convention 182, Article 3 (Worst Forms of Child Labor)[Mga Pinakamasamang Klase ng Pagpapatrabaho sa (mga) Bata]. Kaya, susundin namin ang mga umiiral na batas ng mga pamahalaang lokal, estado at pambansa ukol sa pagpapatrabaho ng (mga) bata. Sa mga sitwasyon na nagtatrabaho nang legal ang mga menor de edad, titiyakin namin na ang pagtatrabaho ay hindi nakakasagabal sa pag-aaral ng mga bata. Kasang-ayon sa aming mga patakaran at mga pamamaraan ukol sa kaligtasan at kalusugan, hindi namin ilalantad ang mga batang manggagawa sa mga sitwasyon sa lugar ng trabaho na malamang na isasapanganib ang kanilang kalusugan at kaligtasan.

**Sapilitang Pagtatrabaho**
Ang Monsanto ay hindi gagamit ng mga manggagawa na indentured, alipin, pinagtatrabaho bilang pambayad sa pagkakautang o mga iba pang sapilitang pagtatrabaho. Hindi tinatanggap ng Monsanto ang anumang klaseng parusang sinasaktan ang katawan.

**Bayad**
Ang Monsanto ay magbabayad ng mga sahod na sinasapat ang o humihigit sa mga sahod na ipinag-uutos ng batas, o ang pamantayang binabayad ng industriya, sa mga bansang walang batas na nauukol sa mga sahod.

**Mga oras ng pagtrabaho**
Susundin ng Monsanto ang lahat ng umiiral na mga batas ng pamahalaang lokal, estado at pambansa at ang mga pinatutupad ng industriya ukol sa mga oras ng pagtrabaho.

**Pangguggulo at Karahasan**
Pinangangako ng Monsanto ang isang kapaligiran sa trabaho na walang pangguggulo, batay sa mga protektadong katangian na alinsunod sa batas. Hindi papayagan ang kahit anong klaseng karahasan sa lugar ng trabaho.

**Diskriminasyon**
Hindi pinapayagan at pinagbabawal ng Monsanto ang diskriminasyon laban sa sinuman sa anumang panahon, kondisyon o pribilehiyo ng trabaho dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, gulang, bansang pinagmulan, kapansanan, katayuan bilang beterano, piniling kasarian o ano pa mang mga katangian na protektado ng umiiral na mga batas na nauukol sa trabaho.

**Kaligtasan**
Ang pangako ng Monsanto ng isang lugar ng trabaho na ligtas sa panganib at mabuti para sa kalusugan at ng mga pangangasiwa na nakapagbibigay-lakas sa kapaligiran ay nakatakda sa aming mga patakaran at mga pamamaraan na nauukol sa kapaligiran, kaligtasan at kalusugan.

**PATAKARAN UKOL SA MGA KARAPATANG PANTAO (PAGPAPATULOY)**

**Kalayaang Makihalubilo**

Kinikilala at nirerespeto ng Monsanto ang mga karapatan at kalayaan ng mga empleado na sumali o hindi sumali sa mga organisasyong pinili nila, malayang makihalubilo at mag collective barganing. Sa mga sitwasyong pinagbabawal, alinsunod sa batas, ang karapatan sa kalayaang makihalubilo at ang collective barganing, tutulong ang kompanya upang pabilisin ang bukas na pakikipag-unawaan at ang tuwirang pakikipagkasunduan sa pagitan ng mga manggagawa at ng pangasiwaan. Walang manggagawa ang sisibakin sa trabaho, magdadanas ng diskriminasyon, panggugulo, pananakot, o paghihiganti dahil miyembro sila ng isang legal na asosasyon o unyon.

**Pagsunod sa Batas**

Susundin ng Monsanto ang umiiral na mga batas ng mga pamahalaang lokal, estado at pambansa na nauukol sa mga karapatang pantao at sa mga karapatan ng mga manggagawa na kung saan nakikipagnegosyo ang kompanya.